Pagsusulit ng Estado sa Washington: Ika-3 hanggang ika-8 Grado

Karamihan sa mga estudyante sa ika-3 hanggang ika-8 grado ay kukuha ng Measurements of Student Progress (MSP). Humigit-kumulang isang porsyento ng mga estudyante ang sasali sa Washington Alternate Assessment System (WAAS), isang katulad na nakakahamong programa para sa ilang estudyante sa espesyal na edukasyon.

Ang bansag na MSP ay nagpapabatid sa layunin ng pagsusulit: upang *sukatin ang progreso ng estudyante*. Ang pagsusulit ng estado ay dapat hindi lang ang tanging tagahatol ng pang-akademikong kakayahan at kaalaman ng estudyante. Kailangang isaalang-alang ang kabuuang pagganap ng estudyante. Kung may anumang katanungan ka tungkol sa pag-aaral ng iyong anak, mangyaring makipag-ugnay sa guro o paaralan ng iyong anak.

FAQ sa Pagsusulit na Pang-estado

Ano-anong uri ng mga tanong ang lalabas sa mga pagsusulit na pang-estado?

Ang pagbasa, matematika at agham sa MSP ay kabibilangan ng maraming pagpipilian (multiple-choice) at mga tanong na may maikling sagot. Ang apat na puntos na mga tanong sa sanaysay (essay) ay inalis sa mga pagsusulit sa pagbasa, matematika at agham. Ang pagbabagong ito ay nagpapahintulot sa mga estudyante na ipamalas na nagagawa nilang lutasin ang mga problema, kahit hindi binibigyang puntos sa kanilang kakayahan sa pagsulat. Tayo ay may pagsusulit sa pagsulat sa MSP sa ika-4 at ika-7 grado.

Mangyaring bumisita sa www.WAtesting.com upang malaman ang higit tungkol sa pagsusulit ng estado.

Ang Pagsulong sa Online na Pagsusulit

Ang Washington ay hindi ang unang estado na gumawa ng paglipat sa online testing (pag-ksamen sa pamamagitan ng internet), ngunit ito ay kabilang sa mga namumuno. Ang layunin ng estado ay para sa nakararami ng elementarya at middle school (kalagitnaang pag-aaral) na mga grado sa pagbabasa, matematika at agham ay na maksamen sa pamamagitan ng mga kompiyuter sa lahat ng mga distrito ng paaralan hanggang sumapit sa 2014.

Sa tagsibol ng 2012, ang MSP ay ibibigay online sa ikatlo hanggang pang-walong baitang, bilang ang mga ikatlong baiting na hahandogan ng oportunidad sa unang pagkakataon. Noong lumipas na taon, ang ikaapat at ikalimang baitang na mga mag-aaral ay nag-umpisang mag-eksamen online sa pagbabasa at matematika. Ang mga pagiging possible na mga pag-aaral (feasibility studies) ay ginagawa para sa online na pag-eksamen sa ikaapat at ikapitong baitang sa pagsusulat.

Sino ang Makakakuha ng Pagsusulit at Kailan?

Ang No Child Left Behind Act ng federal ay nag-uutos ng taunang pagsusulit sa mga estudyante sa ika-3 hanggang ika-8 grado at ika-10 grado sa pagbasa at matematika, at sa tatlong grado sa agham (ika- 5, 8 at 10 grado sa Washington). Ang ating estado ay nagbibigay rin ng pagsusulit sa mga estudyante sa pagsulat (ika-4, 7 at 10 grado). Sumulong din ang ating estado sa online na pagsusulit.

Grado	ika-3	ika-4	ika-5	ika-6	ika-7	ika-8	ika-9	ika-10	ika-11	ika-12
Pagbasa	✓■	✓■	✓■	✓■	✓■	✓■	NT	✓	*Kailangan lang kapag hindi natugunan ng estudyante ang rekisito ng pagtatasa para sa pagtatapos sa estado.*	
Matematika	✓■	✓■	✓■	✓■	✓■	✓■	✓	✓		
Pagsulat		✓			✓		NT	✓		
Agham			✓■			✓■	✓	✓		

■ Ihahandog nang online sa spring ng 2012

NT Not tested o mga asignaturang hindi susubukin (ang mga ikasiyam na baitang na mga mag-aaral ay kukuha lamang ng end-of-course [kaduluhan ng kurso] na mga pag-eeksamen sa matematika at agham, kung sila ay nasa iyang mga espesipikong mga kurso).

IKA-6 NA GRADO

Pagsusulit sa Estado at Iskedyul ng Pag-uulat

Abril 27-Mayo 18	Iskedyul ng pagsusulit ng MSP gamit ang papel/lapis para sa ika-3 hanggang ika-8 grado*
Abril 27-Hunyo 4	Panahong pagkakataon sa MSP online na pag-iiksamen para sa mga baitang na 3-8*
Sa kalagitnaan ng Setyembre.:	Lahat ng mga ulat ukol sa MSP ay ipinadala sa tahanan

* Ang pagsusulit ay 1 araw kada asignatura para sa pagbasa at matematika

Ano ang Ibig Sabihin ng Iskor sa MSP?

Ang mga estudyante ay tumatanggap ng iskor sa bawat kinuhang pagsusulit sa MSP. Ang mga iskor ay ibinase kung paano gumanap ang indibidwal na estudyante, kaya hindi ka makakakita ng mga percentile na karaniwang ibinigay sa mga ginawang pamantayan na pagsusulit. Ang mga iskor ay nasasakop sa isa sa apat na antas:

Antas **4** — **Lumalampas sa mga Pamantayan ng Estado:** Nangangahulugan ng maagang kadalubhasaan sa abilidad at kaalaman sa isang asignatura.

Antas **3** — **Tumutugon sa mga Pamantayan ng Estado:** Nangangahulugan ng kadalubhasaan sa abilidad at kaalam sa isang asignatura.

Antas **2** — **Mababa sa Pamantayan ng Estado:** Nangangahulugan ng ilang kadalubhasaan sa abilidad at kaalaman sa isang asignatura.

Antas **1** — **Napakababa sa Pamantayan ng Estado:** Nangangahulugan ng kaunti hanggang sa walang kadalubhasaan sa abilidad at kaalaman sa isang asignatura.

Office of Superintendent of Public Instruction
Old Capitol Building
P.O. Box 47200
Olympia, WA 98504-7200

Para sa karagdagang impormasyon
OSPI: www.k12.wa.us
MSP/HSPE: www.WAtesting.com
Mga Katanungan: StateTesting@k12.wa.us